# ANG TUNGKULIN NG PAG-IBIG: PAKIKINIG

**(Ang Kaugnayan ng Mabuting Pastol at Tupa)**

A Lord's Flock Worship Topic

Ni: Fr. Alex Balatbat

Abril 18, 2026

Ang Linggo ng Pagkabuhay ay makapangyarihang mensahe ng pag-asa: ang tagumpay laban sa kamatayan ni Hesus ay nagpapakita na ang kamatayan hindi katapusan, kundi katuparan. Bilang Mabuting Pastol, kasama natin Siya araw-araw, ginagabayan tayo patungo sa ating tadhana. Bilang Kanyang kawan, dapat makinig tayo sa Kanyang tinig. Ang kwento ng Kanyang dalawang alagad na naglalakad patungong Emaus ay naglalarawan ng pag-ibig at katapatan ni Hesus sa Kanyang mga kawan (Lk. 24:13-35).



1. **Ang Paglalakbay mula Israel patungong Emaus ay may bahid na Sakit, Lungkot, at Pagkabigo.** Ang kwento ng dalawang alagad na naglalakad mula Jerusalem patungong Emaus ay puno ng pagdadalamhati at kawalan ng pag-asa dahil sa pagpapako sa Krus kay Hesus. Iniwan nila ang lahat dahil sa pangakong buhay na walang hanggan at inakala nilang walang kabuluhan ang lahat. Noong sumabay si Hesus sa kanilang paglalakad, hindi nila nakilala dahil sa kanilang kalungkutan.
   - 1.1. Tinatagpo tayo ng Diyos kung nasaan tayo, hindi lamang sa kasiyahan, kundi sa ating kalungkutan. Gaya ng pastol na kaamoy niya ang tupa, nananahan si Hesus sa Kanyang kawan. Damdam Niya ang ating mga daing.
   - 1.2. Iniwan Niya ang siyamnapu't siyam para hanapin ang isang nawawala. Bawat isang tupa (isa sa atin) ay mahalaga; no one is left behind.
2. **Ang Paglalakbay mula Emaus patungong Jerusalem ay puno-punong ng buhay, pag-asa at kagalakan.**
   - 2.1. Nagbalik ang mga alagad sa Jerusalem na lubos ang kagalakan at pag-asa.
   - 2.2. Sa wakas nakilala nila si Hesus sa paghati-hati Niya ng tinapay. Nanumbalik ang pag-asa ng mga alagad. Sa pakikipagtagpo kay Hesus sa Eukaristiya ay nagkakaroon tayo ng pag-asa.
   - 2.3 Galilea ang lugar kung saan unang nakatagpo ni Hesus ang mga alagad. Noong nabuhay muli si Hesus, sinabi Niya sa mga alagad na i-meet Siya doon (Mt. 28:10; Mk. 16:7). Naunawaan Niya ang kanilang kataksilan at ipinakita Niya ang Kanyang ang awa at habag; itinanggi ni Pedro si Hesus ngunit siya ang unang naging Pope.
   - 2.4 Ang muling pagkabuhay ni Hesus ay nagdadala ng bagong buhay at restoration ng mga broken relationships.
3. **Kapayapaan ang kaloob ng Panahon ng Muling Pagkabuhay.**
   Sa Muling Pagkabuhay ng Panginoon, tinalo Niya ang kamatayan; kaya, kayang-kaya Niyang talunin ang ating mga pag-subok.
   - 3.1. Kung sumusunod tayo sa Panginoon, kumikilos at nagsasalita tayo tulad ni Hesus; ang ating mga salita ay pawang mabubuti, banal, loving at respectful. Iwasan natin ang gossiping, criticizing, hurting ng kapwa.
   - 3.2. Ang mapagmahal na puso ay laging ipinagdiriwang.
   - 3.3. Sa loob natin ay may agila (hope, goodness at faithfulness) at ahas (anything that kills the heart). Busugin natin ang ating agila at gutumin ang ahas sa pamamagitan ng pagmamahal. Magpatawad para makalipad nang mataas sa halip na kimkimin ang galit.
   - 3.4. Ipagdasal natin ang bawat isa, mga church leaders, at mga pinuno ng bayan. .

**Konklusyon**: Magpatuloy tayong maging apostol at missionaries of restoration. Pahiran ang mga luha ng kapaitan, samahan ang bawat isa para ma-restore ang pagkadurog ng damdamin at hayaan ang ngiti ng puso na magningning. Habang tayo ay sumusunod at nakikinig, palaguin natin ang katotohanan, kabutihan at mga biyaya.

**Pagninilay:**

Ano ang mas malaki sa iyong pag-uugali – ang "agila" o ang "ahas"? Anong mga step ang iyong gagawin para mabusog ang iyong agila at magutom ang ahas?

**SCRIBES Ministry:**
Isinalin ni: Nida Cruz
Na-Edit ni: Vera Tuplano
Tags: #GoodShepherd #Easter
https://lordsflock.org/teachings/digests
https://www.facebook.com/share/v/1BBmx1Nc9U/